Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata

Si Daniel na Bihag



Isinulat ni: Edward Hughes
Inilarawan ni: Jonathan Hay
Ibinagay ni: Mary-Anne S.
Isinalin ni: Christine Cornejo
Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

BFC
PO Box 3
Winnipeg, MB R3C 2G1
Canada

©2011 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag,
ngunit hindi maaaring ipagbili.

Si Daniel at ang kanyang tatlong kaibigan ay nanirahan sa Israel. Isang araw, may isang dakilang hari na dumating sa kanilang bayan at kinuha ang lahat ng mga matatalinong batang lalaki. Ang hari na ito ay may napakahabang pangalan - Nebukadnezar - at siya ay nanirahan sa isang malayong bansa na tinatawag na Babilonia.

Ang mga batang lalaki ay itinuring ng maayos sa Babilonia. Pinili ng hari ang mga pinakamatalino at pinakamahusay na batang lalaki mula sa bawat bansa sa mundo. Ang kanyang nais ay turuan sila ng wika ng Babilonia upang sila ay maging lingkod sa pag-aayos ng kaharian.

Masarap din ang mga pagkain. Ang pagkain ng mga batang lalaki ay ang pagkain din ng hari. Subalit si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay hindi nais kumain ng pagkaing ito dahil ito ay alay sa mga diyos-diyosan. Nangako si Daniel na hindi siya susuway sa Diyos. Ang Diyos ng Israel ay nag-utos sa Kanyang mga tao na huwag maki-alam sa mga idolo at diyos-diyosan.



Si Daniel ay humingi ng pahintulot sa kanyang singil na hindi kainin ang pagkain na galing sa hapag ng hari. Kung malaman ito ng hari, siya ay tunay na magagalit. Subalit ginawa ng Diyos na maging parobito ng singil si Daniel.



Sumang-ayon ang singil upang bigyan si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ng isang pagsubok. Sa 10 araw, ang kanila lamang kakainin ay gulay at ang iinumin ay tubig. Sa katapusan ng 10 araw, si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay mukhang mas malusog pa kaysa sa lahat ng iba pang mga batang lalaki na kumain ng pagkain ng hari. Kaya't sila ay pinapahintulutang magpatuloy sa pagkain ng gulay at pag-inom ng tubig.



Ang mga batang lalaki ay pinarangalan ang Diyos. At ang Diyos ay pinarangalan din sila. Binigyan sila ng Diyos ng kaalaman at kakayahan sa mga bagay na kanilang natutunan, at si Daniel ay nagkaroon ng karunungan upang maunawaan ang lahat ng mga pangitain at panaginip.



Matapos ang tatlong taon ng pag-aaral sa Babilonia, ang lahat ng mga batang lalaki ay ipinakita kay Haring Nebukadnezar. Pinili ng hari si Daniel at ang kanyang tatlong kaibigan bilang pinakamahusay sa lahat. Sa katunayan, natuklasan ng hari na si Daniel ay mas may karunungan pa kaysa sa kanyang mga tagapayo.

Isang gabi, ang hari ay nagkaroon ng isang masamang panaginip. Tinawag niya ang kanyang mga manghuhula, salamangkero at mangkukulam. Ang sabi ng hari, "Gulong-gulo ang isip ko dahil sa aking panaginip. Gusto ko malaman kung ano ang ibig sabihin nito."

Sumagot ang mga tagapayo, “Mabuhay ang hari sa habang panahon! Sabihin po ninyo sa amin ang inyong panaginip at kami ay magpapaliwanag.”

Ang tugon ng hari, “Hindi! Kayo ang magsabi kung ano ang aking panaginip, at ito ay ipaliwanag sa akin. Kung hindi, kayo ay aking ipapakatay at ipapawasak ang inyong mga bahay. Ngunit kung masabi ninyo ang aking panaginip at kung ano ang ibig sabihin nito,” patuloy ng hari, “kayo ay makakatanggap ng mga regalo at mga gantimpala at parangal.”



Ngunit wala sa mga tagapayo
ang maaaring makapagsabi
ng panaginip ng hari.

Ang sagot ng mga tagapayo ng hari, "Walang isang tao sa lupa na kayang gawin ang hiling ninyo. Tanging ang mga diyos lamang ang maaring makagawa nito, at sila ay hindi naninirahan sa lupa." Nagalit ang hari. "Patayin ang lahat ng mga pantas at tagapayo sa Babilonia!"

Nang magpunta ang mga sundalo kay Daniel, siya ay nagtanong kay Arioc, ang kapitan ng hari. "Bakit pinapapatay ng hari ang lahat ng kanyang mga tagapayo?" Ikinuwento ni Arioc ang lahat ng nangyari. Kaya't nagpunta si Daniel sa hari at humingi ng kaunting panahon upang kanyang malaman at maipaliwanag ang panaginip.



Pagkatapos si Daniel
ay nagpunta sa kanyang
bahay, at sinabi ang lahat
sa kanyang mga kaibigang
sina Shadrach, Meshach,
at Abednego.

Hindi alam ni Daniel ang panaginip at ang kahulugan nito, ngunit kilala niya ang Isang may alam ng lahat. Ang Isang ito ay ang Diyos. Kaya't nanalangin si Daniel at ang kanyang mga kaibigan.

Pinaliwanag ng Diyos kay Daniel ang panaginip at ang kahulugan nito. Si Daniel ay nagpuri sa Diyos, "Purihin ang Diyos magpakailanman, ang karunungan at kapangyarihan ay nasa Kanya."

Nagmadali si Daniel papunta sa hari at sinabi, "May Isang Diyos sa langit na Siyang nagpapaliwanag sa lahat ng mga hiwaga." Sinabi niya sa hari kung ano ang panaginip at ang kahulugan nito.

Nang narinig ni Haring Nebukadnezar ang panaginip at ang kahulugan, lumuhod siya kay Daniel at sinabi, "Tunay na ang iyong Diyos ay ang Diyos ng mga diyos, at ang Panginoon ng mga hari, at ang Siyang naghahayag ng mga hiwaga. Alam ko ito dahil naipaliwanag mo ang ibig sabihin ng hiwagang ito."





Pagkatapos ay ginawang dakila ng hari si Daniel, at binigyan ng maraming regalo. Siya rin ay ginawang tagapamahala ng bayan ng Babilonia, at pinuno ng lahat ng mga tagapayo ng hari.





Si Daniel na Bihag

isang kwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Daniel 1-2

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16